Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-115 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-25 NG OKTUBRE, 2021 11:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Gualberto V. Magno - Pangalawang Punong Bayan
Kgg. Jerwin S. Dimapilis
Kgg. David D. De La Cruz
Kgg. John John S. Yason
Kgg. Robert S. Quiatchon
Kgg. Lucille T. Bacay
Kgg. Juan Rafael M. Talens
Kgg. Ronel S. Sescar
Kgg. Celso M. Dimapilis - Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo:

Kgg. Agustin L. Cusi
Kgg. Elmira May V. Tarac - Pangulo, SK Mun. Federation

KAPASYAHAN BLG. 532
Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO AT KASALUKUYANG MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN, KGG. RAMIL ONTE DIMAPILIS.

SAPAGKAT, ang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;

SAPAGKAT, si Kgg. Ramil Onte Dimapilis ay unang nahalal bilang miyembro ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro mula Hulyo, 1995 hanggang Hunyo, 2004;

SAPAGKAT, si Kgg. Ramil Onte Dimapilis, sa paghahangad na patuloy na matulungan ang kanyang mga kababayan hindi lamang dito sa bayan ng Roxas kundi sa buong probinsya ng Oriental Mindoro ay nahalal bilang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan noong Hulyo, 2004 hanggang Hunyo, 2013 at muling bumalik sa paglilingkod sa kanyang bayan simula Hulyo, 2013 hanggang Hunyo, 2016;

SAPAGKAT, dahilan pagmamahal ng taong bayan sa kanya, siya ay muling nahalal bilang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan simula noong Hulyo 2016 hanggang sa kanyang pagpanaw noong Oktubre 20, 2021;

GUALBERTO V. MAGNO **FERDINAND V. TALENS, MPA**

SAPAGKAT, bilang isang lingkod bayan ipinakita niya ang tapang at lakas ng loob sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga gawaing nagsasabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang kapakanan ng nakararaming mamamayan;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang panunungkulan, nagpamalas siya ng pagmamahal sa tungkulin, sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga mamamayan at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay nagpapaabot ng pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang naging lingkod-bayan, Kgg. Ramil O. Dimapilis.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging kagawad ng Sangguniang Bayan ng bayang ito at kasalukuyang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Ramil Onte Dimapilis ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro.

IPINASIYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Kgg. Ramil Onte Dimapilis lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 25 Oktubre 2021

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan

merz/10252021